Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY BAGUMBAYAN NOONG IKA-17 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ Pang. Punong Bayan
Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 209-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T'2000/ KAUTUSAN SA PLANONG PANGKAUNLARAN BLG.02-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN HINGGIL SA ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) PARA SA TAONG 2000 NA PAGLALAANAN NG 20% PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAA'T WALONG LIBO APATNARAAN TATLUMPUNG PISO AT ANIMNAPU'T DALAWANG SENTIMOS (P108,430.62).

SAPAGKA'T, ang nasabing AIP ay pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 3-T'2000/Kautusan sa Planong Pangkaunlaran Blg. 2-T'2000 ng Sang. Brgy. ng Jasaan at bilang pagtalima sa Kautusan ng Pangulo ng Bansa (Executive Order 189).

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T'2000/Kautusan sa Planong Pangkaunlaran Blg. 02-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan hinggil sa Annual Investment Plan (AIP) para sa taong 2000 na paglalaanan ng 20% pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P108,430.62.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 210-T'2000)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan